REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-31**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGLAGDA SA KONTRATA (NEGOTIATED CONTRACT) SA PAGPAPAGAWA NG PROYEKTONG "DRAINAGE SYSTEM" SA UMALI/SUMMITVILLE, PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, SA HALAGANG DALAWANG MILYON, WALONG DAAN PITUMPUNG LIBO, ANIM NA RAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA PISO AT 69/100 (P2,870,669.69).**

*****************************************************************************

Ipinanukala nina : KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
KGG. JO JASON T. ALCARAZ

Kasamang nagpanukala : KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
KGG. VICTOR L. ULANDAY
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. REY E. BULAY
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. VICENTE Y. CHUA
KGG. ALLAN REY A. CAMILON

*****************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyektong **"Drainage System"** sa Pambansang Lansangan mula Bayanan hanggang Putatan/Summitville ay isa sa mga pangunahing proyekto ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** noong **5 Marso 1997,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay pumasok sa isang kasunduan **(Construction Agreement)** sa **V.F. Labao Construction** para sa pagpapagawa ng proyekto ayon sa kapangyarihan na ipinagkaloob ng Sangguniang Panglungsod sa **Kapasyahan (Blg. 97-08)** na sinang-ayunan noong. **10 Pebrero 1997**;

**SAPAGKAT,** noong **17 Abril 1997,** ang **Kgg. Ignacio R. Bunye** ay lumiham sa **Kgg. Jaime R. Fresnedi** na humihiling na siya ay mabigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Panglungsod upang muling pumasok sa isang kasunduan **(Negotiated Contract)** hinggil naman sa proyektong **"Drainage System"** na matatagpuan sa **Umali/ Summitville, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa**;

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyekto na magmumula sa Pambansang Lansangan patungong Summitville ay kailangang-kailangan upang maihanda sa darating na tag-ulan at malutas ang suliranin sa pagbaha na nakakaapekto sa may 1,313 pamilya na naninirahan sa Gonzales Compound, Carey Homes, Putatan Urban Poor Association, Almanville, Esporlas Compound, Umali Compound at Summitville;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-22-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**SAPAGKAT,** ang paggagawad ng kontrata sa pamamagitan ng negosasyon ( Negotiated contract) ay pinahihintulutan ng **"Government Auditing Rules and Regulations, Volume I [Section 563, a (3)]"** na nagsasaad ng sumusunod :

> *A. Negotiated Contract maybe entered into only where any of the following conditions exist and the implementing agency is not capable of undertaking the project by administration.*
> *1. x x x x x*
> *2. x x x x x*
> *3. When the subject project is adjacent or contiguous to an on-going project and it could be economically prosecuted by the same contractors."*

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang proyekto ay karatig/kanugnog/karugtong ng panukalang proyekto;

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang proyekto ay nagkakahalaga ng **Tatlong Milyon, Tatlungdaan Dalawawampu't Tatlong Libo, Dalawangdaan Limampu't Anim na Piso (P3,323,256.00)** na may habang 650 metro at ang panukalang proyekto ay nagkakahalaga ng **Dalawang Milyon, Walungdaan Pitumpung Libo, Animnaraan Animnapu't Siyam na Piso at Animnapu't Siyam na Sentimo (P2,870,669.69)** subalit may habang 685 metro. Ang huli ay mas mababa sa kasalukuyang ginagawa;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay may nakalaang-gugugulin na halagang **Tatlong Milyong Piso (P 3,000,000.00)** na magmumula sa **1997 Executive Budget, Capital Outlay - Infrastructure, Drainage / Canals;**

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye upang kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa paglagda sa kontrata (Negotiated Contract) sa pagpapagawa ng proyektong **"DRAINAGE SYSTEM"** sa **Umali/Summitville, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa** sa halagang **Dalawang Milyon, Walong Daan Pitumpung Libo, Anim na daan Animnapu't Siyam at 69/100 (P2,870,669.69)**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **5 Mayo 1997**, sa ginanap na **ika-81 Regular na Sesyon**.

SUMANG-AYON :

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**DI-DUMALO :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:__________________